



Ito ay Tungkol sa Buhay Hindi Kabiguan™

Ang HeartLife Foundation ay isang hinihimok-ng-pasyenteng kawanggawa na ang misyon ay baguhin ang kalidad ng buhay ng mga taong may sakit sa puso sa pamamagitan ng Pakikipag-ugnayan, Pagtuturo, at Pag-e-empower sa global na komunidad upang lumikha ng mga pangmatagalang solusyon at bumuo ng mas malusog na pamumuhay.

HeartLife Foundation


Ang HeartLife Foundation ay ang una – at tanging – nasyonal na organisasyon ng Heart Failure sa Canada na pinangungunahan-ng-pasyente. Kami ay isang Pederal na Kawanggawa na naglalayong palaganapin ang kamalayan ng publiko sa Sakit sa Puso, nakikipag-ugnayan sa mga pasyente, pamilya, at tagapag-alaga upang magbigay ng edukasyon at suporta, mapadali ang access sa pinakabagong pananaliksik, mga inobasyon, at paggagamot, at nagtataguyod ng mas mahusay na pangangalaga para sa lahat.

Layunin naming makipagtulungan sa mga kasosyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga pamahalaan, at mga industriya upang:

- Magtatag ng isang malakas, kritikal na tinig para sa mga pasyente ng sakit sa puso sa Canada;
- Palaganapin ang pampublikong kamalayan tungkol sa sakit sa puso at itaguyod ang mas mahusay na pangangalaga;
- Makipagtulungan sa mga stakeholder upang matiyak ang access ng mga pasyente sa pinakabagong inobatibong pananaliksik at mga therapy;
- Turuan, suportan, at gabayan ang mga pasyente, pamilya, at tagapag-alaga sa panahon ng pangangailangan;
- Bigyang edukasyon at i-empower ang mga pasyente para epektibong pamahalaan-nang-sarili ang kanilang mga sakit;
- Bumuo ng samahang lokal, rehiyonal, at nasyonal na mga tagapagtaguyod para sa sakit sa puso.

Misyon

Ang HeartLife Foundation ay isang hinihimok-ng-pasyenteng kawanggawa na ang misyon ay baguhin ang kalidad ng buhay ng mga taong may sakit sa puso sa pamamagitan ng Pakikipag-ugnayan, Pagtuturo, at Pag-e-empower sa global na komunidad upang lumikha ng mga pangmatagalang solusyon at bumuo ng mas malusog na pamumuhay para sa mga pasyente, tagapag-alaga, at pamilya sa buong mundo



www.heartlife.ca

It's About Life, Not Failure™
Charitable Registration No. 76199 7493 RR0001.




HeartLife™
FOUNDATION

SUPORTADO NG



TD READY
COMMITMENT

Mga Mapagkukunan



Karta ng Mga Karapatan ng Pasyente at Tagapag-alaga

Ang aming karta ng mga pasyente at tagapag-alaga ng heart failure ay inilikha upang suportahan ang aming adbokasiya tungo sa pagpapatupad ng isang nasyonal na pamantayan ng pangangalaga para sa mga Canadian na nabubuhay sa sakit na heart failure at kanilang mga tagapag-alaga.

Grupo ng Suporta sa Facebook



Ang HeartLife Foundation ay isang hinihimok-ng-pasyenteng kawanggawa na ang misyon ay baguhin ang kalidad ng buhay para sa mga taong nabubuhay sa sakit sa puso sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagtuturo, at pag-e-empower sa global na komunidad upang lumikha ng mga pangmatagalang solusyon at bumuo ng mas malusog na pamumuhay.

Sumali sa aming pribadong Help for Hearts na grupo sa Facebook para makakuha ng suporta at magbahagi ng mga ideya.

HeartLife Toolkit



Ang pagsubaybay sa kalagayan ng iyong kalusugan ay mahalaga upang mapanatili ang malusog na puso at maaari itong makatulong na gabayan ang mga pagbabago sa iyong pamumuhay o plano ng pangangalaga.


Akademya ng HeartLife



Mag-rehistro at Matuto!

Ang Akademya HeartLife ay isang platform ng pag-aaral na may makabagong disenyo – mula sa mga pasyente at tagapag-alaga para sa mga pasyente at tagapag-alaga, sa pakikipagtulungan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, at sinusupportahan ng siyensiya

Mapa ng Paglalakbay ng Pasyente



Ang mapa ng paglalakbay ng pasyente ay ikina-capture at ibinubuo ang mga totoong kuwento, emosyon, katanungan, at hamon sa pamumuhay na nararanasan ng mga pasyente ng heart failure sa kahabaan ng kanilang pangangalaga. Sa pamamagitan ng tunay na pakiki-simpatiya at pag-alam ngayon kung ano ang nararanasan ng mga pasyente ng heart failure, maaari nating i-highlight ang mga kasalukuyang pangangailangan, mga punto ng sakit, at mga ninanais sa kung paano mapapabuti ang pangangalaga. Ginagawa namin ang unang hakbang upang tiyaking naririnig ang boses ng mga pasyente

Nasyonal na Balangkas ng Polisiya sa Heart Failure

ISANG PAMBANSANG PLANO NG PAGKILOS PARA SA PAGBABAGO

Ang aming komprehensibong stratehiya para sa pagharap sa heart failure ay umiikot sa tatlong pundamental na haligi: Diagnosis at Screening, Pamamahala at Pangangalaga, at Pananaliksik at Pagsusuri. Ang bawat haligi ay idinisenyo upang tugunan ang mga kritikal na aspekto ng pamamahala ng heart failure, mula sa maagang deteksyon at epektibong paggagamot hanggang sa patuloy na suporta at tuloy-tuloy na pagpapabuti sa pamamagitan ng pananaliksik.